A decorative wreath frame made of intricate, symmetrical scrollwork and floral patterns. The words "CHAPTER 1" are centered within the wreath in a bold, serif font.

# CHAPTER 1

**C**iudad Baja  
July, 2000

“Put\*\*\* ina mo! Hayop! Wala ka talagang silbi!” Napahinto sa paglalakad si Cerina sa bungad pa lang ng makipot na pasilyong papunta sa kanila. Dinig na dinig niya ang nagwawalang boses ng ina.

“Malas ka kasi sa buhay ko. Kaya palpak lahat ng diskarte ko!” narinig niyang sagot ng lalaking kinakasama nito. Mayamaya pa’y narinig na niya ang sunud-sunod na lagabog at mga bagay na ibinato at nabasag.

It was always like that. Kung hindi niya daratnang lasing o kaya’y high sa drugs ang dalawa, animo may boxing match naman na nagaganap sa loob ng barang-barong nila.

“Nag-aaway na naman ang nanay mo’t si Zanco,” sabi ni Loreta, may-ari ng sari-sari store na inuutangan niya.

“May bago pa ho ba?” Napailing na lang ang kanyang kausap. Katulad niya’y sanay na rin ang mga kapitbahay nila sa pag-aaway ng pareha. Wala na ngang pumapansin sa mga ito.

“Napansin n’yo po ba kung nakauwi na si Noel?” tanong ni Cerina na ang tinutukoy ay ang kaisa-isang kapatid.

“Nasa eskuwelahan pa. Tumawag si Xian ko. May tatapusin pa daw silang project.”

*Mabuti na lang.* Hindi siya makakaalis kung nasa bahay na ang kapatid. Hindi niya ito maiiwang mag-isa sa gitna ng pag-aaway ng kanyang ina at ng ka-live in nito.

“Aalis ho muna ako, Aling Loreta. Aabangan ko na ho ang uwi nina Noel,” paalam niya sa nakatatandang babae. Nakakaunawa itong tumango. Hindi nito naitago ang awa para sa kanilang dalawa ni Noel.

A metal hand seemed to squeeze her heart. Sa lahat ng ayaw niya’y iyong kaawaan siya. Pero iyon lang naman ang magagawa ng mga taong nakapalibot sa kanya. Walang control ang mga ito sa kilos at desisyon ng kanyang ina. Even if they wanted to help her, they have their own problems to deal with. Some couldn’t even handle their own lives.

Sa buong Ciudad Baja, lalo na sa slum area kung saan nakatira si Cerina, matira ang matibay ang pinaka-mantra. Kung hindi ka makatiis sa hirap, puwede kang tumakas. Ang problema sa kanya’y wala siyang ibang pupuntahan. At katulad ng ibang

mga kalugar niya, wala siyang means para lumayo at mamuhay sa ibang lugar. Much as she hated it, she was stuck in that desolate place.

Tahimik na sa barung-barong nila. Pero alam niyang may round two pa ang boxing match. Nakaismid na lumakad si Cerina palayo. Dinala siya ng kanyang mga paa sa paborito niyang lugar sa hangganan ng Ciudad Baja, doon sa dulo ng lumang riles.

Kung sa Germany ay may Berlin Wall, sa bayan ng Milagrosa'y matatagpuan ang isang lumang riles ng tren. Literal nitong hinahati ang bayan; ang slums at lower class ng Ciudad Baja sa isang panig, at ang upper class ng Ciudad Nuevo sa kabila; two towns that are extreme opposites, like night and day.

Ang Baja ang nagsu-supply ng manpower sa mga business establishments sa Nuevo kaya't masasabing symbiotic ang relasyon ng dalawa. Ngunit bukod doon, bihira sa mga taga-Nuevo ang nakikihalubilo sa mga taga-Baja, lalo na kung galing sa Gueto, ang slum area sa pinakadulo nito. For the upperclass, people of the slums meant trouble.

Ugali na niyang magtungo sa hangganan ng riles at tawirin iyon para marating ang kabilang mukha ng Milagrosa. Hindi pa niya nalilibot ang Ciudad Nuevo. She'd love to, one day. Pero sa ngayon, sapat na sa kanyang tinatanaw ang buong town mula sa itaas ng paborito niyang tambayan – ang bell tower ng lumang *basilica* na nasa outer perimeter ng *Luz Divina Academy*.

Aksidente lang siyang nakapasok sa compound ng basilica. Isang hapon na minalas na naabutan si Cerina ng sampal ng kanyang amain, bigla na lang siyang tumakbo. Not because she feared him. She hated him so much that if she stayed, she would've fought him. And she'd end up dead. Dahil ano'ng laban ng isang fourteen-year-old sa isang lalaking triple ang bigat at doble ang taas sa kanya? Wala siyang pakialam sa kanyang ina. Kahit kailan nama'y hindi ito umaktong magulang sa kanya. Ngunit may pakialam siya sa kanyang nakababatang kapatid. Kung anuman ang mangyayari sa kanya, si Noel ang higit na magdurusa. So as much as she wanted to at least scratch the scumbag's face, she took the coward's way out.

Sa lumang riles siya dinala ng kanyang mga paa. Naglalakad si Cerina sa kahabaan ng five-foot high concrete fence nang mapansin niya na natibag na ang ilang bato sa isang side ng lumang pader. Hindi iyon kita sa malayuan dahil natatabingan ng mga ligaw na gumamela shrubs. Hinawi niya ang ilang sanga ng halaman at sumuot sa giwang. Dahil maliit at may kapayatan, madali niyang nagawa iyon. And there it was... the wide football field surrounded by a two-meter high wire mesh fence, the school building which she later saw was shaped like an irregular hexagon, the covered court which doubles as a stage and the atrium housing the indoor swimming pool.

Hindi siya nagkalakas ng loob na tawirin ang field at silipin ang paligid ng school building. Ngunit

nang makita niya ang mataas na bell tower ng lumang simbahan, hindi siya nagdalawang-isip na akyatin iyon. Antigo ang simbahan ngunit matagal na itong napabayaan. Puro lumot na ang mga dingding, giba na ang malaking bahagi ng altar at sira na ang ilang natirang pews sa loob. But the stair leading to the bell tower was still intact and sturdy enough. Kahit ang flooring ng mismong bell tower ay matibay pa.

She often sat there, showered by the rays of the sun streaming through the broken roof. Doon niya tinatanaw ang buong school compound at kahit ang malaking bahagi ng Ciudad Nuevo. Doon niya nakikita ang mga estudyanteng nagtipon sa malawak na courtyard sa sentro ng school building.

At her distance, she couldn't see the student's faces well. Ngunit malinaw sa kanya ang hitsura ng mga ito. Ang mga babae'y nakasuot ng puting long-sleeve blouse, pleated skirt na checkered cream and blue-green ang kulay, katerno nito ang necktie na may burda ng logo ng eskuwelahan. Ang mga lalaki nama'y polo shirt na puti na may patch ng school logo sa left breast pocket at naka-tuck in sa itim na trouser. Lahat ng estudyante'y nakasuot ng itim na sapatos maliban sa mangilan-ngilang nakita niyang nakasuot ng PE uniform--cream-colored T-shirt, blue-green jogging pants and rubber shoes. They were all neat and organized. Even the teachers looked different. They looked imposing yet elegant in their iron-pressed uniforms and trendy hairstyles

and shiny shoes.

Isang controlled environment ang *Luz Divina Academy* kumpara sa chaotic ambiance ng *Baja Public High School* kung saan siya nag-aaral. Sa eskuwelahan nila, kahit oras ng klase'y dinaig pa ang talipapa sa ingay. Doon din lang makikita ang iba't ibang shade ng maroon at asul, dahil bihira sa mga estudyante ang kayang bumili ng bagong uniporme. Kundi pinaglumaan, hinalungkat lang sa ukay-ukay ang kalimitang suot ng mga estudyante. Hindi rin uso ang shoe codes. Ang iba nga'y pumapasok nang naka-tsinelas lang. Ang PE uniform nila'y kung anong maayos na T-shirt at short lang na mayroon sila.

The teachers all looked bored and weather-beaten. Who wouldn't be if you teach a class of more than forty students inside a room good for twenty individuals, three to four sessions a day? Kung palagi silang nag-aabono para lang makagawa ng visual aids?

Natitiyak niyang walang ganoong problema ang mga teacher ng *Luz Divina*.

Wala siyang napansing kakaiba nang pumasok siya sa maliit na giwang at nilakad ang ilang metrong layo ng entrada ng basilica. Bihira sa mga estudyante ang nagagawi sa bahaging iyon dahil may palibot na wire fence ang hangganan ng eskuwelahan. Makipot ang kongkretong hagdan paakyat ng bell tower at may kataasan ang kampanaryo. Ngunit hindi naman siya takot sa heights. Ilang segundo lang ay nakaupo na siya sa kanyang paboritong puwesto.

Habang nakasandal sa makapal na poste ng malapad na bintana, pinagsawa niya ang mga mata sa tanawin. Hindi lang ang school compound ang natatanaw niya. Malaya rin niyang natatanaw ang ilang bahagi ng buong ciudad.

The mansions with their manicured lawns and terracotta roofs, the well-tended park with a man-made lagoon, the outline of a few high rise buildings at the business district...

She was always amazed by the order and the calmness around Ciudad Nuevo. There wasn't a lawn left unmowed, not a street unswept, everything has its own space and not one thing was out of place. Parang may schedule din sa paglabas ng bahay ang mga tao. Most of the streets on the residential areas were deserted.

Malaki ang pagkakaiba nito sa maingay at buhay na buhay na ambiance ng Ciudad Baja. Sa kanilang lugar, parang araw-araw may fiesta.

Ciudad Nuevo inspired her to dream. Isang araw ay aalis silang dalawa ni Noel sa Baja. Iiwan nila ang slum area at ang mga pangit na alaala. Mamumuhay sila nang tahimik at maalwan. Hindi kailangang sa Milagrosa. A new place would be fun, somewhere your past cannot follow you. Mangyayari iyon isang araw.



Boredom. Iyon ang matinding kalaban ni Rex.

Sa halip na makihalubilo siya sa mga kapwa niya estudyante, naroon siya't nakahilata sa rooftop ng

school building. Mag-a-alas dos na ng hapon at wala na silang klase. Kalahating oras pa bago magsimula ang soccer practice nila.

“S’abi ko na nga ba’t narito ka.”

Hindi niya nilingon ang nagsalita. Dalawa lang ang nakakaalam sa madalas niyang pagtambay sa rooftop; ang maintenance man na si Tony at ang best friend niyang si Claude.

Umupo si Claude sa tabi ng hinihigaan niya.

“Kanina ka pa hinahanap ni Kendall,” anito. Si Kendall ay present girlfriend niya.

“Hanggang ngayon ba’y war pa rin kayo?”

He snorted. Masyadong selosa at demanding ang dalagita. Palagi rin nitong pinangungunahan ang kanyang desisyon. Katulad na lang ng pagsali niya sa Student Council.

Maliwanag niyang sinabi na hindi niya gustong maging presidente ng kahit anong club. Hindi dahil ayaw niyang maglingkod sa kapwa niya estudyante. Hindi lang talaga sa academics nakalinya ang leadership skills niya. He’s more inclined in sports. Siya ang striker ng soccer team nila at hindi naman sa pagyayabang, dalawang ulit niyang dinala sa championship ang team nila. And twice, they won.

Iyon ang hindi maintindihan ni Kendall. Masyado itong naka-focus sa pagpapataas ng popularity niya na para bang hindi pa siya nalulunod doon.

“Bro, kung tungkol lang naman d’un sa Student Council ang pinagtalunan ninyo...”



“Hindi lang naman dahil doon kaya ko iniwasan si Kendall.”

“So, narinig mo na ang balita?”

Kunot-noong sinulyapan niya ang kaibigan.

“Ano’ng balita?”

“Na nakipag-date si Kendall kay Eric noong isang araw. Hindi mo alam?” tanong nito nang makita ang puzzled look niya.

Umiling si Rex. Napamura ito.

“Bro, ano kasi... narinig ko lang din naman kina Kiko. I mean, hindi ko naman na-confirm kung totoo.”

Tumawa siya, na lalong nagpalito dito.

“Hindi ka nasasaktan?” tanong nito.

“Bakit naman ako masasaktan? Para nga akong nabunutan ng tinik.”

Aminado siyang hindi siya seryoso kay Kendall. He’s sixteen years old. Although a romantic relationship is an interesting opportunity to experiment about sex. Still, he wasn’t ready for that yet. Hindi iyon ang priority niya.

“Mabuti nga’t nasabi mo. Hindi na ako magi-guilty kapag nakipag-break ako sa kanya.” Kahit naman sigurado siyang hindi rin siya mahal ni Kendall, hindi pa rin niya gustong saktan ito. A break-up is still a break-up. And knowing Kendall, she’ll have a fit.

Sandaling natulala si Claude. Pero ilang segundo lang ay nagsimula itong tumawa.

“Ikaw na talaga ang playboy!” Gumanti ito ng

tapik sa kanyang balikat. “Sabagay, hindi ko rin naman type si Kendall para sa iyo. Nagtatataka nga ako kung bakit niligawan mo ‘yun. Eh di ba, ang sabi ni Kiko—”

Pinutol ni Rex ang sasabihin sana nito.


“Alam mo, masyado kang nagpapaniwala kay Kiko.” Alam niya ang usap-usapan na hindi na virgin si Kendall. Although he couldn’t prove it, he’s not one to hold it against her or any other girl. Hindi naman nasusukat ang pagkatao ng isang babae dahil lang sa isang hymen.

He’s not one to talk about it behind her back either.

Nagkibit-balikat lang si Claude at tumayo. “Malapit na ang practice. Mauuna na ako sa iyo sa locker room.”

Bumangon na rin siya nang bumaba ito. Pababa siya ng hagdan at papasok na sa pinto na patungo sa stairwell nang mapasulyap siya sa field. Nahagip ng kanyang mga mata ang paggalaw ng ilang puno na malapit sa perimeter fence. And then he saw her, a girl jogging towards the old basilica.

Napanganga si Rex nang pumasok ito sa loob ng simbahan. Ang alam niya’y condemned building na iyon. May bali-balita pa nga na haunted ang lumang simbahan. And yet there she was, sitting on the bell tower window like a queen overseeing her property.



## CHAPTER 2

**I** akaramdam ng panic si Cerina nang makita ang isang binatilyo na humiwalay sa grupo ng mga uniformed soccer players na kasalukuyang nagwa-warm up sa field. Dumerecho ito sa wire fence at walang kahirap-hirap na sumampa doon. Lalo siyang kinabahan nang makita itong pumasok ng simbahan.

May nakakita sa kanya?

Nagpalipas muna siya ng ilang minuto. Nang walang umakyat sa bell tower ay saka pa lang siya bumaba. Maingat at pasilip-silip siya habang pababa ng hagdan. Nakahinga siya nang maluwag nang hindi makita ang binatilyo. Tiwala siyang lumabas ng simbahan. Kailangan na niyang umuwi. Baka pauwi na ng bahay si Noel. Hindi niya gustong mag-isa itong papasok sa bahay nila.

“Alam mo bang bawal at delikado ‘yang ginagawa mo?”

Muntik na siyang mapasigaw dahil sa tinig

na gumulat sa kanya. Nanlalaki ang mga matang nilingon niya ang binatilyo. Matangkad ito, kayumanggi ang balat at malapad ang balikat. Hindi ito ang hitsurang masasabi niyang guwapo. Pero hindi rin ito pangit. There was something about him, some kind of magnetic pull. Maybe it was his penetrating eyes, staring at her with the intensity of laser beams.

Humagod ang tingin nito sa kanya. Pakiramdam ni Cerina ay tumayong lahat ang balahibo niya sa katawan. His calculating stare was unnerving.

“Iba ang uniform mo. Hindi ka tagarito. Paano ka nakapasok?”

“P-paraanin mo ako.” Naging mailap ang mga mata niya. Kung hindi ito aalis sa harapan niya’y mapipilitan siyang itulak ito.

“Sagutin mo muna ang tanong ko. Paano ka nakapasok?”

Nagsisimula na siyang mag-panic. Sinubukan niyang humakbang patagilid. Humarang na naman ito. Kapag hindi pa siya nakaalis doon, tiyak na tatawag ito ng security para ipahuli siya. Makakasuhan siya ng trespassing. Makukulong siya.

Hindi puwede!

Mukhang wala pa ring balak ang binatilyo na umalis sa harapan niya. Tumitig si Cerina sa mga mata nito. Funny, but she could not detect danger in his eyes. They seemed to look at her with... fondness? Curiosity siguro, puwede pa. Pero fondness?

Impossible!

Hindi siya dapat magpadala sa nakikita niya. For all she knew, he could be faking it.

Still, she didn't want to hurt him. But she had no choice. Kumuyom ang kanyang kamao.

"I'm sorry."

Nagsalubong ang mga kilay ng estranghero. Bago pa ito nakaiwas, lumapat na sa panga nito ang kanang kamao niya. Bumagsak ito sa lupa. Sinamantala niya ang pagkakataon para takbuhin ang giwang. Hindi niya pansin ang nanunuot na sakit sa kanyang kamao. Nang makalabas siya ng pader ay walang-lingon siyang tumakbo pabalik sa lugar nila.



*Shit!* Ipinilig ni Rex ang ulo. *That girl could throw a punch!*

Lumapit siya sa gawi ng pader kung saan niya ito nakitang lumusot. Hinawi niya ang ilang sanga ng halaman at nakita niya ang kapisang giwang.

*Nagkasya siya diyan?* Wala pang isang talampakan ang lapad at hanggang baywang lang niya ang taas ng giwang.

"Rex!" Si Claude. Agad niyang binitiwang hinawing sanga bago pa nito makita ang butas. Nagmadali siyang lumapit sa kaibigan.

"Ano ba'ng ginagawa mo diyan? Hinahanap ka ni Coach."

Nangunot ang noo nito nang mapatingin sa mukha niya. "Ano'ng nangyari sa pisngi mo?"

Kinapa niya ang kaliwang pisngi na hanggang ngayo'y medyo namamanhid pa rin.

“Wala ito. Nadale lang sa gilid ng pinto kanina,” katwiran niya. Mukha itong hindi kumbinsido. “Halika na.”

He resisted the urge to look back at the corner. Sa kung anong rason, ayaw niyang ipaalam kahit kanino ang tungkol sa dalagitang nahuli niya kanina. Malakas ang kutob niyang hindi lang iyon ang pagkakataong nag-trespass ito sa compound ng *Luz Divina Academy*. May pakiramdam siyang babalik ito. At kapag nangyari iyon, titiyakin niyang magiging handa na siya para dito.



*Whew! Muntik na!*

Humihingal pa si Cerina nang huminto sa gate ng elementary school kung saan pumapasok ang kapatid. Walong taon na ito at nasa grade two. Siya nama’y fourteen na pero first year high school pa lang. Kung hindi pa sa scholarship na nakuha niya nang mag-graduate siyang valedictorian noong elementary ay hindi siya makakapag-aral ng high school.

“Ate! Ano’ng nangyari sa iyo? Bakit humihingal ka?” magkasunod na tanong nito. “Tumakas ka na naman ba mula kay Tito Zanchos?” Bakas ang pag-aalala sa mukha nito. She hated that her younger brother had to worry about her. Siya dapat ang nag-aalaga sa kapatid.

Pinilit niyang ngumiti. “H-hindi. M-may pinuntahan lang ako. Nagmadali ako para maabutan kita kaya tinakbo ko na ang papunta dito.”

Kahit paano'y umaliwalas ang mukha nito.

“Halika na, Ate. Gutom na ako.”

Napangiwi siya. Hindi niya alam kung may daratnan silang pagkain sa bahay. Dinukot niya ang pitaka. May natira pa siyang beinte pesos. Kung walang pagkain sa bahay ay makakabili siya ng noodles para kay Noel.

Naramdaman ni Cerina ang pagkalam ng sariling sikmura. Nakagat na lamang niya ang labi.

Parang dinaanan ng ipo-ipo ang loob ng barung-barong nang pumasok sila. Nagkalat ang mga basag na plato at ilang natumbang kasangkapan sa sahi. Hindi na siya nagulat. Si Noel ay napatingin na lamang sa kanya.

Tinulungan siya ng kapatid na iligpit ang mga nagkalat na gamit.

“Magbihis ka na. Titingnan ko lang kung may sinaing,” sabi niya rito nang matapos sila.

Nagtungo ito sa isang sulok at binuksan ang isang plastic drawer. Tahimik itong nagpalit ng damit. Ang nahubad na uniporme ay isinabit nito sa hanger na nakasukbit sa isang nakausling pako sa dingding. Isang kuwarto lang ang mayroon sa bahay nila. At iyon ang ginagamit ng nanay niya at ni Zanchi. Silang dalawa ni Noel ay nagtatyaga sa isang maliit na anteroom na natatabingan ng makapal na kurtina.

May kaunting kanin pang natira mula sa sinaing niya kagabi at hindi pa iyon panis. Kasya na sa kanilang dalawa ni Noel iyon.

Inutusan niya si Noel na bumili ng instant noodles at itlog. Iniabot niya dito ang beinte pesos. Nang lumabas ito'y nagpakulo siya ng tubig sa isang kaldero. Sinilip din niya ang latang palabigasan nila. Napabuntunghininga na lamang siya nang makitang simot na ang laman noon.

Mukhang kailangan na naman niyang mangutang ng bigas kay Aling Loreta. Mabuti na lang at Sabado na bukas.

Tuwing Sabado't Linggo'y namamasukan siya bilang tagalinis at tagahugas ng pinggan sa restaurant ni Mrs. Alcantara. Noong una'y ayaw pa siyang tanggapin ng ginang dahil baka mademanda daw ito ng child labor. Menor de edad pa kasi siya. Pero nakiusap siya sa matanda. Halos maglumuhod na siya dito. Dahil siguro sa awa kaya tinanggap na rin siya nito. Kumikita siya ng isandaang piso sa maghapon pagtatrabaho niya. Hindi masamang pantawid-gutom nilang magkapatid.

Nang maluto ang noodles ay kumain na silang magkapatid. Matapos siyang tulungang magligpit ay nagpaalam itong makikinoon ng TV sa kapitbahay. Siya nama'y nahiga sa sulok nila at nagkasya sa pagbabasa ng pocketbook na hiniram niya sa kaklase.

Sa gitna ng pagbabasa'y biglang sumalit sa isip niya ang mukha ng binatilyo sa *Luz Divina Academy*. Kahit hindi siya humarap sa salamin, alam niyang namumula siya.

Naiinis na tinapik ni Cerina ang nag-iinit na pisngi. Pinilit niyang ituon ang buong pansin sa



binabasang libro. Fifteen minutes later, she gave up. Nagpasya na lamang siyang lumabas.



Ipinark ni Rex ang motorsiklo sa harap ng restaurant ng Ninang Remy niya. Inutusan siya ng mommy niya na kunin ang inorder nitong embutido.

Pagpasok niya sa restaurant ay napansin kaagad niya ang pamilyar na bultong naglalampaso ng sahig. Nakayuko ito at abala sa ginagawa kaya't hindi nito napansin ang pagpasok niya. He went behind a potted *Rhapis excelsa* and observed her for a few minutes.

She's small and skinny. Hindi niya alam kung ilang taon na ito. Even at his vantage point, he could see the dark shadows surrounding her eyes. Maputla ang kutis nito at humpak ang pisngi. Nakasuot ito ng isang maluwang na T-shirt na halos umabot na sa hita ang haba, kupas na maong at isang pares ng lumang rubber shoes. Ang lagpas-balikat nitong buhok ay itinali lang ng goma.

May awang humaplos sa kanyang puso. Lalo na nang punasan nito ng likod ng palad ang pawisang noo. Bakas sa anyo nito ang pagod.

“Rex?”

Sa pagtawag ng kanyang Ninang Remy ay napalingingon din ang dalagita. Nanlaki ang mga mata nito nang magkasalubong ang kanilang mga paningin. Tiyak niyang nakilala siya nito.

“Kanina ka pa ba diyan? Bakit hindi ka man lang tumawag?”

Dahil tinatanong siya ng kanyang ninang, napilitan siyang ituon ang pansin dito. Pero sa peripheral view niya'y nakita niyang pumasok sa kusina ang dalagita, hila ang mop at ang timba na gamit nito.

“May binili din kasi ako sa bookstore, Ninang.”

“Ganoon ba? Galing ako sa bank,” anito. “Sandali lang at ipahahanda ko na ‘yung order ng mommy mo. Ang mabuti pa’y maupo ka muna.” Itinuro nito ang isang bakanteng mesa. Pumasok muna ito sa maliit na kuwartong nagsisilbing opisina nito. May connecting door doon na derecho sa kusina.

Palanga-linga si Rex habang naghihintay. Bukod sa kanya’y may dalawa pang pareha na kumakain. Ala-una pa lamang iyon ng hapon. Kalimitan, nagsisimulang mapuno ang restaurant pagdating ng alas-cuatro ng hapon hanggang sa closing time nito.

Paglabas ng ginang mula sa kusina’y may kasunod na itong waiter. Naupo ito sa tapat niya.

“Kumusta na ang mommy mo?”

Ibinaba ng waiter ang tray na may lamang isang plato ng spaghetti, isang cheeseburger at isang tall glass ng iced tea.

“Mabuti naman po. As usual abala sa kanyang mga organizations.”

“Naku, wala kang magagawa. Asawa siya ng pinakamaimpluwensiyang tao dito sa Milagrosa. Isa pa, kilala kasi ang pamilya ninyo.”

May legend na nagsasabing ang great-great grandfather niya ang nakadiskubre ng bayan ng

Milagrosa. They own more than half of Ciudad Nuevo's business district. Ang subdivision kung saan sila nakatira ay pag-aari rin ng mga Salazar. May mga lupa rin silang pag-aari sa Ciudad Baja. Katulad na lang ng pinagtitirikan ng wet market.

Bukod pa sa ilang termino ring nanungkulan bilang mayor ng Milagrosa ang lolo at daddy niya. Nang mamatay ang ama sa aksidente, saka lang nag-lie low ang pamilya nila sa pulitika.

"Ninang, sino ho ba 'yung batang nadatnan kong naglalampaso ng sahig?" tanong niya sa pagitan ng pagkain ng spaghetti.

"Si Cerina ba? Bakit, kilala mo siya?"

Umiling siya. Totoo naman 'yun. Kahit nakita na niya ito, hindi niya ito kilala.

"Para kasing ang bata pa niya para magtrabaho dito."

"You're right. She's only fourteen. Hindi ko rin siya gustong tanggapin noong una. Pero halos lumuhod siya sa pagmamakaawa." Napailing ito. "I can still remember the look of desperation in her eyes. Hindi siya umiiyak. At pakiramdam ko, tutol ang kalooban niya sa ginawa niyang pagmamakaawa. She's proud but she did it anyway." Malalim itong bumuntung-hininga. Hindi masasabing mayaman ang ninang niya. Ngunit kumpara sa mga taga-Baja, higit na nakaaangat ito sa buhay.

"May alam po ba kayo tungkol sa pamilya niya?"


Umiling ang babae. "Patay na ang ama niya. Walang kakayahang magtrabaho ang kanyang ina.

Iyon lang ang sinabi niya sa akin. Doon sila sa slum area sa Ciudad Baja nakatira.”

He was digesting all of the information in his head as he was forking his pasta.

“Masipag at matalinong bata si Cerina. Kung anuman ang pinagdaraan niya ngayon, sana lang malagpasan niya. She’s a very determined girl. Sana lang ay sa tamang daan siya dalhin ng determinasyon niya.”

Sa sinabi ng babae’y lalo siyang naging interesadong makilala nang personal ang dalagita. At naroon din ang matinding urge na matulungan ito.



## CHAPTER 3

**H**alos sumabog ang dibdib ni Cerina sa tindi ng kaba. “Cerina, nalinis mo na ba ang CR?” tanong ni Andrea. Ito ang tumatayong supervisor niya.

Napangiwi siya. Gusto niyang makiusap dito na mayamaya na lang niya gagawin iyon. Pero ayaw niyang magbigay ng impresyon na tamad siya. Mahirap na dahil baka makarating sa may-ari. Ayaw niyang mawalan ng trabaho.

“L-lilinisin ko na po.”

Tinaasan siya nito ng kilay. She never liked Andrea. Masyado itong bossy kahit pa pareho lang naman silang empleyado ng restaurant. Ito ang tumatao sa kaha kapag wala ang amo nilang si Mrs. Alacantara.

“Bilis-bilisan mo. Mamaya lang ay darami na ang kakain sa labas. Hindi tayo puwedeng matambakan ng maruruming plato,” mataray nitong sabi.

“Opo,” sagot na lang ni Cerina. Nakahinga siya nang maluwag nang lumabas ito ng backdoor. Sumilip muna siya sa pinto. Naroon pa rin ang binatilyo at kausap nito ang amo nila. Lalo siyang nakaramdam ng panic.

*Baka isinumbong na niya ako.*

Gusto na niyang maiyak. Hindi niya alam kung ano ang gagawin niya. Hindi niya masyadong inaalala ang sarili, pero kawawa si Noel kapag nawalan siya ng trabaho.

“O, ano’ng sinisilip mo diyan?” sita ni Andrea. Dahil sa kawalan ng maikakatwiran ay napilitan na siyang lumabas.

Hustong nasa gitna siya ng hall nang tumayo ang binata. Natigilan din siya at napasulyap dito. Nakatitig ito sa kanya at seryoso ang hitsura. Nagyuko siya ng ulo at nagmamadaling pumasok sa comfort room.

Kung tatanggalin man siya ngayon, ang magagawa na lang niya’y tapusin nang maayos ang kanyang trabaho para kahit paano’y mabayaran siya para sa buong araw. Inaasahan pa naman ni Aling Loreta na babayaran niya kahit kaunti ang utang nila sa tindahan.

Matapos magpakawala ng malalim na hininga, isinuot na niya ang rubber gloves at sinimulang linisin ang toilet bowl. Inabot din siya ng isang oras sa paglilinis ng dalawang comfort room. Paglabas niya’y wala na doon ang binatilyo.

Buong araw na pakiramdam ni Cerina ay

tumutulay siya sa alambre. Sa tuwing papasok sa kusina si Mrs. Alcantara'y bumibilis ang tibok ng puso niya. Milagro na nga lang na hindi siya nakabasag ng pinggan. Saka lang siya nakahinga nang maluwag nang sumapit ang alas-cinco, oras ng uwian niya.

"Heto na ang suweldo mo para ngayong araw, Cerina."

Tinanggap niya ang isandaang piso. "Salamat po." Naghintay siyang magsalita pa ito pero itinuon na nito ang pansin sa inaayos na resibo. Nang mapansin nitong nakatayo pa rin siya doo'y kunot-noo siya nitong tinitigan.

"May kailangan ka ba, hija?"

Nakagat niya ang ibabang labi. "A-ano po kasi..."

"Yes, Cerina? May problema ba?"

Nakagat niya ang ibabang labi. "P-papasok po ba ako bukas?"

The older woman frowned.

"May dahilan ba para hindi ka pumasok bukas, hija? May lakad ka ba?"

Wala itong alam? Ibig sabihin, hindi siya isinumbong ng binatilyong sinuntok niya. Ibig sabihin, may trabaho pa siyang papasukan tuwing weekends.

"Cerina?" the woman asked impatiently.

"N-naku, wala po! Papasok po ako bukas, Ma'am." Hindi na niya naitago ang relief. "Maraming salamat po." Kulang na lang ay maglulundag siya sa tuwa habang palabas ng restaurant.

Nakatawid na siya sa kabilang kanto nang biglang sumulpot sa tabi niya ang isang lalaki at magsalita.

“Mukhang masayang-masaya ka.”

Natigilan siya’t napalingon sa katabi.

“I-ikaw?”

He grinned. “Kanina pa ako sa likuran mo pero hindi mo ako napapansin.”

“S-sinusundan mo ako?”

Sa sobrang kasiyahan, hindi niya pansin ang paligid niya.

“Binalikan’ siguro ang mas tamang term. Itinanong ko kay Ninang kung ano’ng oras ang uwi mo.”

“B-bakit mo ako binalikan?”

“Gusto kitang makausap.”

“Kung tungkol d’un sa pagkakasuntok ko sa iyo, pasensya ka na. H-hindi ko naman gustong gawin ‘yun.”

Ngumiti lang ito. Pasulyap-sulyap lang si Cerina dito. Sa tangkad nito’y umabot lang siya sa may balikat nito. But she wasn’t intimidated by him. Kung gugustuhin nga niya, puwede siyang tumakbo para makatakas. Ang problema’y ayaw sumunod ng mga paa niya. Animo napako na iyon sa kanyang kinatatayuan.

“Kumain ka na ba? Gusto mong sumabay sa akin?”

Bago pa siya makasagot ay inunahan na siya ng kanyang sikmura. Natawa ang binata.



“I think that’s a yes.” Hinawakan nito ang isang kamay niya. Masyado pa siyang bata para makaramdam ng malisya. Pero hindi isang ilusyon ang naramdaman niyang biglaang pagdaloy ng kuryente mula sa kanyang kamay paakyat sa buo niyang katawan.

“S-saan mo ako dadalhin?” kinakabahang tanong ni Cerina. Hindi ang daan pabalik ng restaurant ang binabaybay nila. Nang pumara ito ng jeep ay saka siya pumalag.

“T-teka sandali.”

Lumingon ito at tinitigan siya nang matiim. “Wag kang matakot sa ‘kin. Sasakay lang tayo ng jeep papuntang *Nuevo Mall*. Maraming fast food diner doon na p’wede nating kainan.”

Sa tanang buhay niya, hindi pa siya nakapasok sa mall kaya normal lang na makadama siya ng excitement. Pero ang pagkasabik ay agad napalitan ng pagkapahiya. Napatingin siya sa sarili.

“Huwag mo nang intindihin ang hitsura mo. Wala namang dress code doon.”

“B-baka hindi nila tayo papasukin.”

“Bakit naman hindi?”

Pumara uli ito ng jeep dahil hindi sila sumakay doon sa unang pinara nito. Kusa na siyang sumunod sa binatilyo.

“W-wala akong pera,” nahihiyang bulong niya nang nasa loob na sila.

“Don’t worry. Ako’ng bahala sa iyo. Libre ko ‘to.”  
Hindi na lang siya kumibo.

Wala pang sampung minuto’y nasa tapat na sila ng Nuevo Mall. Nang malapit na sila sa pintuan ay natigilan siya. May ilang tao na nakatingin sa kanya. Hindi siya nahihiya para sa sarili. Alam niya kung ano siya at tanggap niya iyon. Nahihiya siya para sa binatilyong kasama niya.

Kuntento na siyang tanawin ang mall mula sa itaas ng bell tower. She never expected someone would bring her here and this soon. At isang estranghero pa na sinuntok niya.

“Bakit?” tanong nito nang basta na lang siyang tumigil sa paglalakad.

“Pinagtitinginan ka na ng ibang tao.” Parang hindi nito narinig ang sinabi niya. He tugged at her hand.

“Wag mo silang pansinin. Halika na. Gutom na ako.”

Ang pagkailang na una niyang naramdaman ay agad napalitan ng excitement. Her eyes lit up as she stared in wonder at the assortment of boutiques and shops. The child in her squealed with delight.

“Dito tayo.” He tugged at her hand again.

Para siyang isang five-year-old na akay nito. She was so engrossed with the sights and sounds around her. Ni hindi nga siya tumitingin sa nilalakaran niya.

Pumasok sila sa isang fast food diner.

“Ano’ng gusto mo?”

Tumingala siya sa katabi at pagkatapos ay sa lighted menu board na nasa itaas ng order counter.

Puwede bang lahat?

She bit her lower lip to suppress the words.

“I-ikaw na lang ang umorder para sa akin,” mahinang sagot niya.

“Sige. Upo ka na doon. Baka maunahan pa tayo.” Inginuso nito ang pandalawahang mesa na nakadikit sa glass wall ng diner.



Wala sa plano ni Rex na balikan ang dalagita. Ngunit hanggang sa makauwi siya ng bahay ay hindi na ito nawala sa isip niya. At nang malapit na ang alas-cinco, balisa siya na hindi niya mawari. It's as if a voice was urging him, some unknown force was pushing him to go back. He tried to ignore it. Pero sa bandang huli'y nagpadala na rin siya sa kakaibang pakiramdam niya.

Nang lumabas ng restaurant si Cerina, ang una niyang napansin ang masayang ngiti nito. He had heard the partial story of her life. Sa murang edad ay naglalampaso na ito ng sahig at naglilinis ng CR. Unless binigyan ito ng bonus ng ninang niya, which he doubts, wala siyang maisip na dapat nitong ikasiya.

Pero siyempre, magkaiba naman sila ng pananaw sa buhay. Ang isang bagay o pangyayaring balewala lang sa kanya'y maaaring buhay na ang halaga para rito. Maybe that was one reason he wanted to know her. He wanted an insight to the real world, a life with twists and turns and a lot of potholes.

He had grown inside a very sheltered home. Lahat ng kailangan niya, kahit iyong ibang bagay

na luho na lang, naibibigay sa kanya. Hindi niya kailangang magtrabaho para lang may makain. Wala siyang kailangang gawin kundi mag-aral at tuparin ang mga pangarap niya sa buhay. He was encased in a protective bubble and no one could hurt him. Unlike Cerina's, life for him was an easy straight, smooth path.

Nilingon niya ang dalagita. Gaya ng inaasahan niya, sa labas ito ng salaming dingding nakatingin. Nakadikit na sa salamin ang tungki ng ilong nito. Her head kept turning sideways na parang may sinusundan ito ng tingin. She was absorbing the feel of everything around her, the hunger in her eyes was unmistakable. Para itong isang nagugutom na bata na ngayon lang nakakita ng pagkain. And he felt like it was his responsibility to feed her, figuratively and literally. She looked like she needed more than a few pounds.

Cerina sensed him. Lumingon ito at ngumiti. For a moment, he felt like a warm hand just touched him. Sandali siyang natulala. Kung hindi pa sa malakas na boses ng crew na nasa counter ay hindi pa siya matatauhan.

Matapos ang ilang minuto'y bitbit na niya ang pagkain nila; dalawang order ng spaghetti na may kasamang fried chicken, dalawang cheeseburger, dalawang large fries at dalawang large coke.

Namilog ang mga mata ni Cerina nang makita ang pagkain. Sunud-sunod ang naging lunok nito.

"Kain na," aniya nang mailipat niya ang pagkain

sa mesa. Umangat ang isang kamay nito para abutin ang cheeseburger. She hesitated when she saw him staring.

Natatawag kinuha ni Rex ang burger, inalisan ng wrapper at saka ibinigay dito.

“Ubusin mo ‘yan ha?”

“T-thank you.”

Nahihiya pa itong kumagat noong una. Pero kalauna’y sunud-sunod na ang kagat at nguya nito. Halatang gutom ang dalagita. Nang maubos ang burger ay ang French fries naman ang nilantakan nito. Mabilis itong kumain pero hindi nakakahiyang panoorin. Hindi ito nagsasalita nang puno ang bibig. And she also kept her mouth closed while chewing.

“Ako nga pala si Rex.”

Noon lang niya naalalang hindi pa pala siya nagpapakilala.

Nilunok muna ni Cerina ang laman ng bibig bago nagsalita. Pinigil niya ang mapangiti. Mas may finesse pa itong kumain kaysa ibang babaeng kilala niya.

“A-ako si Cerina.”

“Kilala na kita. Itinanong kita kay Ninang Remy. Still, I’m glad to finally meet you.”

Namula ito. And it made her more appealing. Kung tataba ito nang kaunti at magkakaroon ng kaunting kulay ang kutis, tiyak na maraming magagandahan dito.

“Bakit nga pala hindi mo sinumbong sa ninang mo na sinuntok kita?”

“Bakit ko naman gagawin ‘yun?”

“Eh, kasi...” Kinagat nito ang ibabang labi. “Sorry talaga. H-hindi ko naman gustong gawin ‘yun.”

“Alam ko. Ginulat kita at natakot ka. Normal na reaksyon lang ang ginawa mo. Pero ang sakit mong sumuntok, ha?”

Napahagikgik ito. And he felt that same sensation again, of a warm hand touching him.

“Nasaktan din naman ako. Ang tigas ng panga mo.”

Kapwa sila natawa.

“Salamat talaga dahil hindi mo ako isinumbong. Ang akala ko kanina, matatanggal na ako sa trabaho dahil doon.”

Kaya siguro ito masaya nang makita niya. Nalaman nitong may trabaho pa itong babalikan bukas.

“Kalimutan mo na ‘yun.” Napansin niyang hindi nito ginalaw ang spaghetti at fried chicken. “Tapos ka nang kumain?” Tumango ito. “Hindi ka ba mahilig sa spaghetti at fried chicken?”

Sa tanong niya’y namula na naman ito. Nahihiya itong bumulong. “P’wede bang ipabalot ko na lang? Iuuwi ko na lang sa kapatid ko.”

Natulala siya nang may ilang segundo.

“Sure.” Her smile showed genuine gratitude. Na para bang isang malaking kayamanan na ang ibinigay niya dito gayung ang halaga ng lahat ng kinain nila’y katumbas lang ng one-fourth ng daily allowance niya.

“Busog ka na ba talaga? P’wede naman akong umorder uli ng take-out para sa brother mo.”

“N-naku, ‘wag na. Okay na ako. Sobra pa nga ito.”

“Cerina...” Wala sa loob niyang hawakan ang palad nito. He felt the need to hold her. Gusto niyang iparamdam dito na sincere ang sunod niyang mga salita. “Ngayong magkakilala na tayo, gusto kong ituring mo akong kaibigan. ‘Wag kang mahihiyang humingi ng tulong sa akin. Kung may kailangan ka, sabihin mo lang.”



Titig na titig si Cerina sa mukha ni Rex. Kasing-seryoso ng mga sinabi nito ang ekspresyon nito. His hand on hers was very warm, his grip firm yet reassuring.

For as long as she can remember, she had been taking care of herself. At nang dumating si Noel, inako na rin niya ang responsibilidad ng pagpapalaki’t pag-aalaga dito. Katawan lang niya ang bata ngunit hindi ang kanyang isip. Sa sitwasyon nila, maaga siyang nag-mature. Sa murang edad, natuto siyang maging matatag. Natuto siyang dumiskarte para sa kanilang magkapatid. Natuto siyang huwag umasa sa ibang tao.

With Rex here and holding her hand, it gave her the feeling of being looked after, of being taken care of. Masarap iyon sa pakiramdam. And for a while she was tempted to just give in. Tell him everything about her. Let someone worry about her problems and her fears for a change.

Pero mali na idamay niya si Rex sa mga problema niya. A meal and an hour of conversation may have made him her friend. Pero isa pa rin itong estranghero. And he couldn't be with her forever. Magkaiba sila ng mundo. Sooner or later, they would part ways.

Malungkot siyang ngumiti. Nang hilahin niya ang kamay na hawak nito, nakaramdam siya ng panghihinayang.

"Salamat sa offer mo, Rex." Paano ba niya ito matatanggihan nang hindi ito naiinsulto?

"Pero hindi mo gustong tanggapin ang tulong ko." He exhaled deeply. "Ilang taon ka na ba?"

"F-fourteen."

"I'm sixteen. Alam mo, mas matured ka pang mag-isip kaysa akin."

Hindi niya tiyak kung compliment iyon pero napangiti pa rin siya.

Tiningnan nito ang wristwatch. "Almost six na pala." Kinuha nito ang box ng spaghetti. "Halika na. Humingi na lang tayo ng plastic bag para dito."

"Saan ka ba sa Baja nakatira?" tanong ni Rex nang nasa labas na sila ng mall. "Ihahatid na kita," dagdag nito.

"Naku, 'wag na."

He stared at her with narrowed eyes.

"Doon ako sa Gueto nakatira. Medyo magulo doon kapag ganitong oras. Baka mapagtripan ka lang ng mga tambay doon."

"Eh paano ka?"



“Okay lang ako. Kilala nila ako kaya hindi nila ako gagalawin.”

Pumalatak ito at nagkamot ng ulo.

“Rex,” hinawakan niya ito sa braso, “wag mo ‘kong intindihin. Walang mangyayaring masama sa akin.”


Huminga muna ito nang malalim. “Sige na nga.”

“Samahan mo na lang akong sumakay ng jeep.”

“Wag ka nang mag-jeep.” Hinila siya nito sa terminal ng tricycle. Matapos sabihin sa driver kung saan siya ihahatid ay dumukot ito ng fifty pesos sa bulsa.

“Oh, sumakay ka na. Binayaran ko na si Manong.”

Namula ang buong mukha niya. “T-thank you.” She smiled and he grinned. Inilahad niya ang isang palad at mainit iyong tinanggap ng binatilyo. It was the moment when she realized a bond had formed between them. At malakas ang kutob niyang hindi iyon ang huli nilang pagkikita.



## CHAPTER 4

“**A**ng tagal mo naman. Kanina pa ako naghihintay dito.”

Muntik nang mapatalon sa gulat si Cerina. Mabuti na lang at nakasampa na siya sa landing, kung hindi, baka dumulas siya pababa ng hagdan.

“Rex! A-ano’ng ginagawa mo dito?”

Ilang linggo silang hindi nagkita. Ngayon na lang uli siya nakaakyat sa bell tower. Araw iyon ng Sabado at walang pasok pero hindi niya inaasahang madaratnan doon si Rex. Prente itong nakaupo sa gilid ng bintana at nakasandal sa hamba, nakapatong ang isang braso sa tuhod habang ang isang paa’y nakalawit sa labas ng bintana at kumukuyakoy sa hangin.

Tinapik ni Rex ang espasyo sa tabi nito. Naupo siya doon, patagilid na sumandal sa concrete frame at inilawit din ang mga paa.

“Ilang araw na akong umaakyat dito. Ilang araw

na kitang hinihintay.”

Sumulyap siya sa binatilyo. “Bakit mo naman ako hinihintay?”

Nagkibit ito ng balikat. “Wala lang. Gusto lang kitang kasama.” Lumingon ito at ngumiti. “Ang sarap pala ng pakiradamdam dito. Kaya naman pala ang lakas ng loob mong umakyat dito sa bell tower.”

Napangiti rin siya. “Dito ko lang kasi natatanaw ang buong Ciudad Nuevo.”

Nilingon ni Rex ang kanilang likuran. “Tanaw mo rin dito ang buong Ciudad Baja.”

“Oo, pero mas magandang tingnan ang lugar ninyo. Puro ordinary lang ang makikita sa lugar namin.”

“Was it that bad?” tanong nito.

“Hindi naman sa lahat ng oras. Masaya din naman ang buhay sa Baja. Mahirap nga lang talaga lalo na d’un sa slum area. Pero d’un naman sa ibang barangay, okay naman.”

Totoo iyon. Kung hindi nga lang sa dysfunctional niyang magulang, hindi na niya papansinin ang kakulangan nila sa pera. Baka nga hindi naman sila ganoon kahirap kung matino lang ang nanay niya’t may nakagisnan siyang ama.

Ibinalik niya ang paningin sa kabuoan ng Ciudad Nuevo.

“Pero siyempre, mas masarap tumira sa Nuevo. Masarap kayang maging mayaman.”

“Hindi rin.”

Napatingin siya sa katabi.

“Ano’ng hindi?”

“Ang mga mayayaman, marami lang pera. Pero hindi naman lahat ng kailangan mo, mabibili ng pera, di ba?”

Tumango si Cerina bilang sagot.

“Katulad ko. Mayaman nga ako. Nabibili ko ang gusto kong gadgets. Nakakain ko ang gusto kong pagkain. Napupuntahan ko ‘yung mga lugar na gusto kong puntahan. Pero alam mo ba, pakiramdam ko ang daming kulang sa akin. And I feel bored.”

“Bakit naman?”

Nagkibit na naman ito ng balikat. “Hindi ko rin alam.” Malalim itong nagpakawala ng hininga. “Siguro, nami-miss ko lang ang mommy ko. Mula kasi n’ung mamatay si Daddy, naging busy na siya sa mga negosyo. Tapos may mga charity works pa siya. Sa laki ng bahay namin, bihira kaming magkita kahit naroon siya. Lalo na ngayon.”

“Marami ka naman sigurong kaibigan.”

“Yeah, pero pare-pareho lang naman ang takbo ng isip nila. At busy rin sa kani-kanilang gala ang mga ‘yun.”

He was obviously lonely. Iyon siguro ang dahilan kaya nakipagkaibigan ito sa kanya. He needed someone to share his time with, someone he could talk to.

“Magkuwento ka naman,” anito.

“Ano’ng ikukuwento ko?”

“Tungkol sa family mo. Sa buhay mo.”

Hindi niya ugaling ipagsabi ang baho ng pamilya

niya sa ibang tao. Pero mas mabuti na rin sigurong malaman ni Rex kung anong klaseng background mayroon siya.

“Ang s’abi ni Ninang Remy, patay na daw ang tatay mo.”

“Yun lang ang sinabi ko sa ninang mo. Pero ang totoo’y hindi ko alam kung sino at kung nasaan ang tatay ko. Maliit pa ako n’ung layasan niya kami.”

Tumitig siya sa katabi.

“Drug addict ang nanay ko. Sixteen pa lang siya nang mabuntis siya sa akin. May kinakasama siya ngayon na drug addict din. May kapatid akong lalaki na mas bata sa akin. Ang tsismis sa amin, magkaiba daw kami ng tatay. Madalas, kaming dalawa lang ni Noel ang naiwan sa bahay dahil nasa pot session sina Nanay at Tiyo Zancho. Mas gusto ko naman ‘yun.”

“Paano kayo kumakain? Paano kayo nakakapag-aral?”

“Dati, lola ko ang nag-aalaga sa amin. Kaya ako nakapag-aral pa ng elementary dahil sa kanya. N’ung mamatay siya, doon na ako nag-umpisang magtrabaho. Ngayon, nagsa-sideline ako sa restaurant. Bago ‘yun nagtinda ako ng mga bulaklak sa tapat ng simbahan. Nag-carwash girl din ako, nagtinda ng mga candies at sigarilyo sa bangketa.”

“Is it enough?”

“Hindi nga eh. Pagkatapos ko ng grade six, dalawang taon akong huminto. Nitong pasukan,

sinubukan kong mag-enroll. Pero baka tumigil na naman ako.”

“Bakit naman? Sayang ang panahon.”

“Wala akong magagawa. Gusto ko munang matulungang makatapos ang kapatid ko. At saka mas matalino ‘yun kaysa akin.”

“Matalino ka rin naman.”

It was the first true compliment he’d given her. Nag-init ang buo niyang mukha. Para hindi nito mapansin ang kanyang pamumula, ibinaling niya ang pansin sa park na nasa tapat lang ng school compound. It was landscaped like miniature rolling hills. May malaking man-made lagoon sa pinakagitna ng park. Sa paligid noo’y mga iron benches na paboritong pahingahan ng mga namamasyal.

“Ngayon ko lang nakita kung gaano kaganda ang Milagrosa.”

“Ang Ciudad Nuevo ‘ika mo.”

Umiling ito. “Hindi lang ang Nuevo.” Lumingon ito sa gawi ng lugar nila. “Tingnan mo ang Baja. It look so alive.”

Palaging puno ng tao ang kalsada ng Baja. Sa bawat kanto, may mga grupong nag-uumpukan, sa bawat sulok, may mga batang naglalaro.

A wistful smile appeared on Rex’s face when he pointed to a group of children playing *tumbang preso*.

“Hindi ko naranasang maglaro sa kalsada kahit minsan.”

May isang ideya na pumasok sa isip niya.



Kling!

Tumalsik nang may isang metro palabas ng bilog na guhit ang lata ng gatas. Mabilis iyong hinabol ni Cerina habang nagmamadali namang kinuha ni Rex ang pamato na tsinelas bago pa niya ito maabutan. Pang-apat na ulit na niyang naging taya sa laro nila at si Rex ang dahilan. Palagi kasi nitong natatamaan ang lata at tumatalsik iyon nang malayo.

“Yes!” Isinuntok pa nito ang dalawang kamay sa hangin habang lumulundag-lundag. Kung hindi lang sa sayang nakikita niya sa mukha nito, kanina pa siya umayaw sa laro. Nakakapagod ding maghabol sa isang gumugulong na lata ng gatas.

“Ayoko na.” Bulalas ng isa sa mga batang kalaro nila. “Napapagod na ako. Pahinga naman tayo.”

Muntik na siyang humagalpak ng tawa sa pagsimangot ni Rex. Kung ito lang ang masusunod, maglalaro ito ng tumbang preso hanggang gumabi.

“Sige na nga. Pahinga na tayo,” anito.

“Hay, salamat!” Sabay-sabay pa silang nagpakawala ng hininga. Natawa si Rex at hindi niya mapigilang makitawa rin.

“That was fun,” nakangising bulalas ni Rex. Nakaupo sila sa gutter, kumakain ng tigpipisong chichirya at may tig-isang plastic ng softdrink na hawak. Ang mga kalaro nilang bata’y inilibre din ni Rex ng pagkain.

“May gagawin ka ba sa susunod na Sabado?” tanong ng binatilyo.

“May pasok ako sa restaurant.”

May inasikaso lang na importanteng bagay ang amo niya kaya hindi ito nagbukas ng restaurant ngayon. Kanina ay nag-sideline siya bilang tindera sa wet market. Kahit paano'y may maibibigay siyang pambaon ni Noel sa susunod na linggo. Kahapon ay nagbigay ng rasyon ang barangay captain nila. Aabot din hanggang sa dalawang araw ang bigas at de-latang natanggap nila. "Bakit?"

"Aayain sana kitang sumama sa bahay."

Namilog ang mga mata ni Cerina. "Sa bahay ninyo? Bakit mo naman ako dadalhin sa inyo?"

"You gave me a glimpse of your childhood. Gusto ko namang ipakita sa iyo kung paano ako lumaki." Humarap ito sa kanya. "At saka isa pa, birthday ko sa Sabado."

Hindi siya nakakibo. She had never been invited to a birthday celebration before. A part of her was tempted. But a big part was apprehensive. Mayaman ito at siguradong engrande ang birthday celebration nito.

"S-sigurado ka? Ilimbitahan mo ako sa mansyon ninyo sa birthday mo?"

"Oo naman."

"P-pero... baka mapagalitan ka ng mommy mo."

"Bakit naman? Birthday ko at natural lang na mag-invite ako ng mga kaibigan ko. My mother won't mind."

"Rex, hindi ako katulad ng ibang mga kaibigan mo."

"Dahil mahirap ka lang, ganoon? Wala namang



batas na nagbabawal makipagkaibigan ang isang mayaman sa isang mahirap.”

“Wala nga. Pero alam mo naman ang mga tao. Baka pagtawanan ka lang ng mga kakilala mo kapag nakita nilang kasama mo ako. At imposibleng hindi nila malaman na mahirap lang ako dahil bukod sa wala akong maibibigay na gift sa iyo, wala rin akong magandang damit na maisusuot.”

He just snorted.

“Hindi ko kailangan ng regalo. Saka kung anuman ang sabihin ng ibang tao, bakit magpapaapekto ka? Masyado ka nang maraming problema para problemahin pa ang magiging opinion nila. Saka ako ang may birthday. Ako ang nag-invite sa iyo. Ako naman ang pupuntahan mo hindi sila.”

Hindi na siya nakasingit sa haba ng litanya nito.

“Ano?” Siniko siya nito sa tagiliran. “Payag ka na, ha?”

“Wala nga akong damit. Alangan namang pumunta ako sa mansyon ninyo na nakasuot ng ganito.” Niyuko niya ang sarili. “Siguradong hindi ako papapasukin ng guard ninyo.”

“Huwag kang mag-alala. Magkita tayo sa bell tower sa makalawa. May ibibigay ako sa iyo.”

“Huwag mong sabihing ibibili mo ako ng damit?”

“Oo. Para wala ka nang dahilan para hindi pumunta.”


Natatawang napailing na lang siya.

“Masyado kang mabait sa akin. Baka mamaya masanay ako, sige ka. Mauubos ang allowance mo

sa akin.”

Nagkibit lang ito ng balikat. “Okay lang. Kahit ubusin mo ang allowance ko, alam ko namang hindi lang para sa sarili mo ‘yun mapupunta. At least, nakatulong pa ako sa iyo. Besides, I like you a lot.”

Kaswal lang ang pagkakasabi noon ng binatilyo. Walang malisya. At alam naman niyang gusto siya nito bilang kaibigan. But somewhere, inside some deep corner of her young heart, was an innocent wish... that Rex would come to like her more than a friend.



## CHAPTER 5

Erina clasped her hands nervously. The pink party dress was pretty. Kahit ang katernong sandals na kasama nito'y maganda rin. Sa buong buhay niya, ngayon lang siya nakapagsuot ng ganito kamahal at kagandang damit at sapatos. Sana lang ay hindi masayang ang malaking perang ginastos ni Rex sa pagbili ng mga iyon.

She tried to look as presentable as she could be. Kinuskos niyang mabuti ang buong katawan habang naliligo. Bukod sa shampoo, bumili pa siya ng conditioner kina Aling Loreta. Ginamit niya ang kalahati ng perang kinita niya sa restaurant para bumili ng pulbos at baby cologne. Hinayaan niyang nakalugay ang lagpas-balikat niyang buhok.

Huminto ang tricycle sa tapat ng isang open gate. May dalawang guard na naka-station doon. Matapos bayaran ang driver ay bumaba na siya. She stood there for several minutes staring at the imposing piece of architecture at the end of a long, well-paved

road. Hindi pala nag-e-exaggerate si Rex nang sabihin nitong malaki ang bahay nito. It was more than a mansion. It looked like a castle.

Muntik na siyang mapatalon nang bumusina ang isang kotse sa kanyang likuran. Agad siyang tumabi. Pagtapat ng kotse sa gate ay iniabot ng driver sa guard ang isang invitation. Noon pa lang pinapasok sa loob ang kotse.

Kinuha ni Cerina ang sariling invitation sa shoulder bag na hiniram lang niya kay Aling Loreta. Lumapit siya sa isang guwardya at nanginginig ang kamay na iniabot iyon dito. Pagkatapos tingnan ang invitation ay hinagod siya nito ng tingin mula ulo hanggang paa. Pagkatapos ay tinawag nito ang kasama.

Tiningnan din ng pangalawang guard ang invitation. Hinagod din siya nito ng tingin katulad ng ginawa ng kasama nito. Gusto nang tumalikod ni Cerina at umuwi na lang. She was obviously out of place. She had no reason being there. Except that she promised Rex that shed come.

“Sige na. Pumasok ka na.”

Kimi niyang nginitian ang dalawa. “S-salamat po.”

Nilakad niya ang mahabang lane. Hindi niya mapigilang igala ang mga mata. Napapaligiran ng mga puno ang magkabilang gilid ng daan. Sa kanan, napansin niya ang isang gated ornamental garden sa likod ng hilera ng mga puno.

Several cars passed her by. Nakita niyang

humihinto ang mga ito sa isang malawak na courtyard. Puro mga eleganteng tao ang bumababa mula sa mga sasakyan. May ilang lumingon sa gawi niya at pagkatapos ay bubulong sa kasama. Most guests just ignored her.

Sinapit niya ang circular courtyard na napapaligiran ng waist-high hedges. Sa pinakagitna ay may isang fountain na sa tantya niya'y mahigit anim na talampakan ang taas. It was surrounded by santan shrubs uniformly planted and trimmed to form a low wall.

She went past the fountain and the semi-circular steps towards the landing. Sa magkabilang gilid ng landing ay dalawang spiral staircase na paakyat sa isang pabilog na open balcony. Behind the balcony is the large covered porch traced by three attractive arches. Mas mataas pa sa fountain ang height ng front door. It was a massive wood and wrought iron structure framed by curved stone. Luckily, it was open.

Kinakabahang pumasok siya sa foyer na makasampung ulit ang laki sa barung-barong nila. Marami nang tao doon.

“Cerina!”

Agad siyang napangiti nang makita si Rex. He was casually dressed in a royal blue Crocodile long sleeve polo shirt tucked loosely inside form fitting jeans. Kumpara sa mga lalaking bisita, si Rex ang pinakasimpleng tingnan. Kahit ang suot nitong leather shoes ay hindi gaanong flashy. Wala itong

suot na alahas maliban sa choker na may maliit na silver cross pendant. Yet there's an air of classiness about him, a confidence he was born with. Kahit siguro pagsuotin niya ito ng basahan, he'd still stand out in a crowd.

“Salamat at dumating ka.” Hinawakan siya nito sa balikat at hinagod siya ng tingin.

“Wow! You look beautiful.”

Mabilis na namula ang buo niyang mukha. He sounded like he was really impressed. Kahit pa ang totoo'y wala siya sa kalingkingan ng mga babaeng naroon.

“S-salamat. Maganda kasi ang damit na binili mo.”

He smiled. Hinawakan siya nito sa isang kamay. “Halika. Ipapakilala kita sa mommy ko.”

Bawat grupong madaanan nila'y napapatingin sa kanila. May ilang tumawag sa binatilyo pero hindi iyon pinansin ni Rex. Nakita nila ang mommy nito na may kausap na dalawang babae. Tumahimik ang mga ito nang lumapit sila.

“Mommy, si Cerina, kaibigan ko.”

“G-good afternoon po.”

Hindi man lang ito ngumiti. Nanliit siya nang titigan siya nito mula ulo hanggang paa. Pinilit niyang salubungin ang nanunuring mga mata nito. She held her breath as the woman scrutinized her. Bahagya na niyang naramdaman ang pagpasil ni Rex sa kamay niya.

“Sige na, Rex. Asikasuhin mo na ang mga bisita

mo.” The woman turned to her and faintly smiled. “Enjoy the party, hija.”

Nang makalayo sila sa grupo ay saka lang niya pinakawalan ang hiningang kanina pa niya pinipigilan. Natawa si Rex.

“Masyado kang tensed. Relax, ganun lang talaga si Mommy. Pero mabait naman ‘yun.” Hinila siya ni Rex palapit sa buffet table. “Halika, kumain ka muna. Pagkatapos, may ipapakita ako sa iyo.”

Hindi na siya hiniwalayan nito. Nang matapos siyang kumain ay dinala siya nito sa isang makipot na pasilyo makalampas ng living room. Hindi niya maiwasang mapanganga sa karangyaang nakikita. Puro mamahalin ang mga gamit sa loob ng bahay. May mga antique vases at imported displays. May malaking chandelier na nakasabit sa kisame sa gitna ng living room. Kung namangha siya sa exterior ng mansyon, nakapanlalaway ang ganda ng interior nito.

Sa dulo ng pasilyo ay isang pababang hagdan. Sa dulo ng hagdan ay isang maluwang na silid. At nasa gitna niyon ang malapad na swimming pool. The walls of the room were made of reinforced glass panels. May mga skylights sa bubong. Sinumang maliligo sa pool ay mabibigyan din ng kaaya-ayang panoramic view ng ornamental garden na nasa likod ng mansyon.

“This is my favorite part of the house.”

Hindi na niya iyon pinagtakhan. The room held a calming atmosphere.

Hinubad ni Rex ang suot na sapatos at saka

inililis hanggang tuhod ang pantalon.

Lumapit ito sa isang console na nakakabit sa dingding. Ilang sandali pa'y gumalaw ang tubig sa pool na animo kumukulo. Umupo ito sa gilid ng pool at inilublob ang dalawang paa sa tubig.

“O, ano pa'ng hinihintay mo?”

Hinubad din niya ang sapatos at tumabi rito. Nakakakiliti ang maligamgam na tubig.

They stared at each other and giggled.

“Teka, may ibibigay nga pala ako sa iyo.” Muntik na niyang makalimutan ang dala niyang regalo para dito. “Pasensya ka na, ha? Ginawa ko lang ‘yan.”

Iniabot niya dito ang tatlong piraso ng friendship bracelet. One-fourth inch ang lapad ng bawat isa at gawa sa tinirintas na yarn.

“Ginawa mo lang ‘to?” Tumango siya. Isinuot niya dito ang tatlong bracelet. “They’re beautiful.”

“Niloloko mo naman ako. Yari lang sa yarn ang mga ‘yan.”

“So? The fact that you made it yourself made them beautiful. Ibig lang sabihin, mahalaga din ako sa iyo.”

Napayuko si Cerina. Her cheeks were burning.

“Salamat ha? Alam mo, ito ang pinaka-special na gift na natanggap ko ngayon.”

Pakiramdam niya'y sasabog ang puso niya sa tuwa. Rex was used to expensive gifts. Alam niyang tatanggapin nito ang regalo niya. But to see him appreciate it like some kind of an unearthed treasure... it brought her warmth and a strange



tingly feeling.

“Baka hinahanap ka na ng mga bisita mo,” paalala niya dito. Mukhang wala itong balak na bumalik sa foyer.

“Hayaan mo sa kanila.” Tumayo ito, kumuha ng dalawang tuwalya sa rack at iniabot sa kanya ang isa. Matapos magpunas ng paa’y nagsuot na sila ng sapatos.

“Gusto mong makita ang garden?”

She nodded her head expectantly. Inakay siya ni Rex palabas ng pool area. Hindi sila bumalik sa living room. Lumabas sila sa isang side door na nagbukas sa isang covered porch. May maliit na hagdan pababa sa mismong garden.

Rex held her hand as they made their way across the rows of flowers and shrubs.

“Rex, hindi ako puwedeng magtagal, ha? Wala kasing kasama si Noel sa bahay.”

“Bakit kasi hindi mo na lang siya isinama?”

“Naku, malikot ‘yun. At saka nakakahiya sa mommy mo.”

Sumimangot ito. “Gusto mo na bang umuwi?”

Kalahating oras din silang naglagi sa garden at nagkuwentuhan. Mula nga nang dumating siya’t dinala siya ni Rex sa pool area, hindi pa sila bumalik sa sentro ng kasiyahan.

“Sana. Papadilim na rin kasi.”

Bumuntung-hininga ito. “Okay. Pero dumaan muna tayo sa kusina. Magpapabalot ako ng pagkain para kay Noel.”

Hindi na lang siya tumutol kahit pa nahihiya siya. Dalawang *Tupperware* ng ulam at isang *Tupperware* ng spaghetti ang ipinabaon nito sa kanya.

Parang lalong nadagdagan ang tao sa foyer nang bumalik sila. Ang iba nga'y nasa balcony na.

“There you are. Kanina ka pa hinahanap ng Ninang Sally mo.” Lumapit sa kanila ang mommy ni Rex at inakay ito palayo. Walang nagawa ang binatilyo kundi sumunod. Sumenyas ito sa kanya na maghintay muna. Tumango siya.

Naiilang siya sa mga taong nakapaligid sa kanya kaya nagpasya siyang sa labas na lang hintayin ang kaibigan. Palabas na siya nang mabunggo siya ng isang lalaking galing sa side. Mabuti na lamang at agad niyang nabawi ang kanyang balanse at hindi niya nabitiwan ang hawak.

“Naku, I’m sorry, Miss...” hingi nito ng paumanhin.

“O-okay lang.” Pilit siyang ngumiti. Gumanti ito ng ngiti.

“Ako nga pala si Claude,” pakilala nito.

“Ako naman si Cerina.”

“Ngayon lang kita nakita. May kasama ka ba?” Umiling siya. “Bisita ka rin ni Rex.”

“K-kaibigan niya ako.”

“Hmm.” He frowned. “Kilala ko ang lahat ng kaibigan ni Rex dahil mga kaibigan ko rin sila. Pero hindi kita kilala.”

Bago pa siya makasagot ay may sumulpot na isang kaibigan nito.

“Kendall, si Cerina nga pala. Kaibigan ni Rex.”

“Kaibigan?” The girl who looked like a living Barbie doll arched one brow. “Paano ka naging kaibigan ng boyfriend ko?”

Boyfriend?

“Iyon nga din ang tinatanong ko sa kanya,” sagot ni Claude.

“Taga-saan ka ba?” may katarayang tanong ni Kendall. Umilap ang mga mata niya. Kung sana’y narito si Rex, hindi siya mahihirapang magpaliwanag.

“A-ano... taga-Ciudad Baja ako, d’un sa G-Gueto.”


“Oh my God!” Malakas ang pagkakasabi noon ni Kendall kaya’t napalingon sa kanila ang ibang nakarinig. “Sa slum area ka nakatira tapos sasabihin mong kaibigan ka ni Rex?” Napansin nito ang hawak niyang eco bag. “Ano ‘yan?”

Bigla iyong inagaw ni Kendall sa kanya.

“Oh my! Tingnan mo, Claude. Nagdala pa talaga siya ng container para makapag-uwi ng pagkain.” Ang lakas ng tawa nito. “Talaga palang makakapal ang mukha ng mga taga-squatter’s area.” Nagtawanan din ang karamihan sa nakapalibot sa kanila.

Cerina’s body trembled with controlled anger. Kung hindi pa siya aalis ay baka masampal niya ito. Wala itong karapatang hiyain siya dahil wala siyang ginagawang masama. Pero kapag ginawa niya iyon, si Rex ang mapapahiya.

Sa halip na patulan ay inagaw niya ang eco bag mula dito. Patakbo siyang bumaba ng hagdan at lumabas ng mansyon.



## CHAPTER 6

**I**nahid ni Cerina ang luha nang makasakay siya ng jeep. She was more hurt than humiliated. At nahihiya siya talaga kay Rex. Ni hindi man lang siya nakapagpaalam dito. Tiyak na hinahanap siya nito ngayon.

Pagtapat sa waiting shed na papasok sa lugar nila'y pinara niya ang jeep. Pagdating niya sa bahay ay nadatnan niyang umiiyak si Noel.

"Noel? Ano'ng nangyari?"

"S-si Nanay. Hinuli siya ng mga pulis kanina. May nag-raid kasi d'un sa bahay ni Mang Jojo."

Tumiim ang bagang niya. "Si Tiyo Zancho?"

Umiling ito. "Hindi siya kasama. Nakatakas kaagad sila, kasama si Mang Jojo. Hindi ko alam kung nasaan siya ngayon."

Lihim siyang napamura. Kung sino pa ang talagang salot, siya pa ang nakakawala sa batas.

"Ate, ilabas mo sa kulungan si Nanay," samo ni Noel.

Kung siya lang ang masusunod, hahayaan na niyang makulong ang kanyang ina. Baka nga mas higit itong ligtas sa loob ng kulungan. But Noel needed their mother or her presence at least. At ina pa rin niya ito. Tungkulin niyang alagaan ito kahit paano.

“S-sige, tumahan ka na’t ako na ang bahalang gumawa ng paraan. Kumain ka na ba?”

Umiling ito habang nagpupunas ng luha. Inilabas niya ang mga container ng pagkain. Pansamantalang nawala sa isip ni Noel ang nangyari sa ina dahil hindi ito magkandatuto sa pag-ubos ng dala niya. Habang kumakain si Noel ay nagbihis siya. Inilagay niya ang damit at sapatos sa loob ng isang kahon at itinago sa pinakailalim ng drawer. Bukas na lamang niya iyon ilalabas uli para malabhan.

Pupuntahan niya sa presinto ang ina para alamin ang lagay nito.



Isa-isang minukhaan ni Rex ang naglalabasang estudyante ng *Baja National High School*. Isang linggo na ang nakalipas mula nang mag-birthday siya. Ganoon katagal na rin na hindi sila nagkikita’t nagkakausap ni Cerina.

Nalaman lang niya ang panghihiya ni Kendall kay Cerina mula kay Claude. Kaya naman pala bigla na lang itong nawala noong gabing iyon. It was pointless to get angry at Kendall. Bukod sa pagiging tactless, sarili lang nitong katwiran ang pinaniniwalaan nitong tama.

Si Cerina ang gusto niyang makausap. Una, dahil gusto niyang mag-apologize sa ginawa ni Kendall dito. Pangalawa’y dahil nami-miss na niya ang kaibigan. It was only with her that he didn’t feel weighed down by his jaded life.

Lumiwanag ang ekspresyon niya nang makita ang pamilyar nitong bulto sa di-kalayuan. Naalarma siya nang makitang hinawakan ito ng isang lalaking estudyante. Mas matangkad ang lalaki kay Cerina. Wala siyang tiwala sa hitsura nito. Kumilos siya para lapitan ang pareha nang makita niyang ipiniksi ni Cerina ang brasong hawak nito.

“Tobias, sabi nang tigilan mo na ako!” narinig niyang sabi ni Cerina.

“Bakit ba ayaw mo sa akin? Sagutin mo lang ako, ngayong araw din mailalabas mo sa kulungan ang nanay mo.”

“Cerina?” tawag niya. Lumingon sa gawi niya ang dalawa.

“Rex!” Lumapit ito kaagad sa kanya at hinila siya palabas ng eskuwelahan. Nilingon niya ang binatilyong kausap nito kanina. Nakasunod lang sa kanila ang matalim na titig nito. Tumaas pa ang isang kamao nito bilang pagbabanta.

Sumakay sila ng jeep. Bumaba sila sa tapat ng police station.

“Umuwi ka na, Rex. May pupuntahan pa ako.”

“Sino ba’ng lalaking ‘yun? Bakit hina-harass ka niya?”

“Wala ‘yun. Kaklase ko si Tobias.”

“He said something about your mother.” He saw her tense. “Diyan ba nakakulong ang nanay mo?”

“N-narinig mo ang sinabi niya?”

Tumango si Rex. Hinila niya ito paupo sa bench ng waiting shed na binabaan nila.

“Magkaibigan tayo, di ba? Hayaan mong tulungan kita.”

Tumitig si Cerina sa kanya. Nangingilid na ang luha sa mga mata nito. Pero mabilis na iyong pinahid ng dalagita bago pa tumulo.

“B-bakit ba gusto mo pang problemahin ang problema ko?”

He grinned. “Dahil kaibigan kita. At ang tunay na magkaibigan, nagtutulungan.”

“Hindi mo ako kayang tulungan.” She said meekly. Gusto niyang maawa sa desperasyong nasa tinig nito. But in the few days that he’d known her, he had come to realize how proud she is.

With her head held high she accepted everything that life has thrown at her. Mas pinili nitong magbanat ng buto kaysa mamalimos sa ibang tao. She’d told him about her family with not a trace of pretense. Sa mga araw na magkasama sila, kahit pa alam nito ang tunay niyang estado, hindi ito nanghingi ng anuman sa kanya. Through all her struggles, she hasn’t forgotten how to dream.

Ngayon lang siya nakakilala ng isang taong napakapositibo ng pananaw sa buhay. Cerina has more character than anyone he knew.

Tumayo ang dalagita. Ngumiti ito sa kanya.

“Salamat sa pag-aalala mo, Rex. Huwag mo akong masyadong intindihin. Makakahanap din ako ng paraan.”

Pinigil niya ang pagtangka nitong paglayo.

“Look, Cerina...” Sandali siyang natigilan. Isang maling salita at iisipin nitong naaawa lang siya. And knowing her, mahihiya na itong tanggapin ang alok niyang tulong. He’d have to choose his words carefully so she would not misunderstand him. “You’re the strongest and bravest girl I’ve ever met. Mas matapang ka pa nga sa akin. Pero minsan, kahit ang pinakamalakas at pinakamatapang na tao’y kailangan din ng tulong ng iba. It’s not a sign of weakness. Hindi rin ibig sabihin noon na magiging dependent ka na sa taong hihingan mo ng tulong. I’m not smart. But I know that a person exists not for himself alone. Kaya ako narito, para tulungan ka. Siguro iyon ang dahilan kaya sa dinami-rami ng estudyante sa *Luz Divina Academy*, ako ang nakakita sa iyo. Siguro, ikaw ang misyon ko sa mundo.”

Sa kanyang pagkagulat ay ngumiti ito. Hindi iyong pilit na ngiti kundi ngiti na madalas niyang makita kapag magkasama sila. Iyong ngiti na nagpapangiti rin sa kanya.

“Hindi ka rin madaling sumuko. At kung magsalita ka parang hindi ka teenager.”

Nagkibit siya ng balikat. “Mula nang makilala kita, parang bigla akong nag-mature.”

Nag-iba rin ang pananaw niya sa buhay. Cerina made him aware of a world outside Ciudad Nuevo.



That life, in truth, is a roller coaster ride and not the smooth straight path he had been treading all his years. Sa mga mata nito, nakita niya kung ano ang kulang sa kanya.

“Natatandaan mo ba n’ung sinabi ko sa iyong isang drug addict ang nanay ko?”

“Oo.”

Malalim itong bumuntung-hininga. “N’ung gabing umuwi ako galing ng birthday party mo, hinuli ng pulis si Nanay for possession of illegal drugs. Nahulihan siya ng isang gramo ng shabu. Nag-set ng fifty thousand bail ang judge para pansamantala siyang makalaya.”

“Isang linggo na iyon.”

“Oo. Isang linggo na siyang nakakulong. At hangga’t hindi ako nakakahanap ng fifty thousand pesos, hindi ko siya mailalabas ng kulungan.”

“Sino’ng judge ang may hawak ng kaso niya?”

“Si Judge Rafael Miranda.”

Nakangising tumayo siya’t hinawakan ang kamay nito. “Halika na.”

“S-saan tayo pupunta?”

“Wala pa ako sa tamang age para ma-access ang trust fund na iniwan sa akin ng daddy ko. Matatagalan kung mag-iipon pa tayo ng fifty thousand. Pero dahil best friend ni Daddy ang judge na tinukoy mo, sa tingin ko hindi na natin kailangan ng bail money.”

When her face lit up, Rex felt like being bathed in sunshine.

“Hindi ba illegal ang gagawin natin? Baka mapagalitan ka ng mommy mo.”

Siguradong makakarating sa mommy niya ang gagawin niya pero wala na siyang pakialam.

“Hindi. Basta, magtiwala ka lang.”

Makalipas ang dalawang oras ay kasama nang umuwi ni Serena ang ina nito.



“Rex, can I have a word with you?”

Hindi pa man ay alam na ni Rex kung bakit siya sinadya ng kanyang ina sa silid.

“Sumunod ka na lang sa akin sa study after five minutes. May kakausapin lang ako sandali sa telepono.”

“Sige po.”

Isinara niya ang binabasang libro at patamad na sumandal sa headboard. Hindi na mahalaga kung pagalitan man siya ng ina. Just the thought of Cerina’s smile made his small sacrifice worthwhile. Tumayo siya makalipas ang limang minuto.

Her mother was sitting on her chair behind the mahogany desk. Sinenyasan siya nitong maupo sa katapat na couch.

Pinigil ni Rex ang mapabuntung-hininga. Talking to his mother was like talking to the school principal.

“Tumawag sa akin ang Tito Ralph mo.”

He rolled his eyes heavenward.

“Baka gusto mong ipaliwanag sa akin ang ginawa mo.”

“Mommy, tinulungan ko lang naman si Cerina

na mailabas sa kulungan ang nanay niya.”

“Sa pamamagitan ng pangungunsensya sa isang judge?”

“Hindi ko siya kinunsensya. Ipinaalala ko lang kung paanong tinulungan siya ni Lolo at ni Daddy para marating ang posisyon niya ngayon. At saka maliit na pabor lang naman ang hiningi ko.”

“Rex, isang drug addict ang pinakiusapan mong palayain ng Tito Ralph mo.”

“Nanay siya ng kaibigan ko. At hindi pa naman siya convicted. Anyone who has fifty thousand pesos can bail her out. At makakalaya pa rin siya pansamantala. Nagkataon lang na walang ganoon kalaking halaga si Cerina.”

“Kaya tinulungan mo siya, ganoon ba? Saan mo ba nakilala ang Cerina na ‘yun at ganyan na lang ang concern mo sa kanya?”

“Ma, it doesn’t matter where I met her.”

“It does to me. Because obviously, she’s becoming a bad influence.”

“No, she’s not.” Pinilit niyang manatiling kalmado kahit pa galit na siya. “Hindi naman porque’t sa slum area siya nakatira’y bad influence na siya sa akin.”

“I have been around people like her. Trust me, they spell trouble.”

“Hindi si Cerina. Nakita mo naman siya, di ba? Dalawang taon lang ang tanda ko sa kanya. She’s only a child. Paano mo nasasabing gulo lang ang pakay niya?”

“Looks can be deceiving. For all we know,

miyembro siya ng isang sindikato. At kaya siya lumalapit sa iyo'y para kunin ang loob mo. At kapag nakuha na niya nang buong-buo ang loob mo, saka sila kikilos ng mga kasama niya."

"I can't believe this!" Tumayo siya at frustrated na ikinumpas ang dalawang braso sa hangin. "I can't believe you. May mga charity works ka sa Ciudad Baja. Hindi lang minsan na nakahalubilo mo ang mga tao sa slums. They can't be all that bad. O baka naman pakitang-tao lang ang pagtulong mo sa kanila." May kalakip na sarkasmo ang huli niyang sinabi.

Napatayo ang kanyang ina at pagalit na ibinagsak ang dalawang palad sa mesa.

"That is uncalled for, young man!"

"I'm sorry," mahina niyang sabi.

"Hindi pakitang-tao lang ang pagtulong ko, Rex. Believe it or not, I care. And I really want to help. Pero paano ko matutulungan ang mga taong ayaw tulungan ang kanilang mga sarili? I'm talking from experience. Walang ibang alam ang mga tao sa slums kundi ang humingi. Maaaring hindi lahat. Pero karamihan sa kanila'y kuntento na sa limos na nanggagaling sa ibang tao."

"Hindi ganoon si Cerina. Mommy, maniwala ka!"

Umiling ito at hitsurang hindi pa rin kumbinsido. "May sinabi sa akin si Kendall. Nag-uwi pa raw ng pagkain ang babaeng 'yun n'ung birthday mo."

"It was my idea. Ako ang nagpabalot ng pagkain. Hindi niya hiningi 'yun. Ibinigay ko 'yun sa kanya."

The older woman sighed.

“Rex.”

“Mommy, Cerina’s special. Totoong mahirap lang siya. Totoong hindi maganda ang family background niya. Despite that, pinipilit niyang iahon ang sarili niya. May mga pangarap siya, Mommy. And she needs me. Kung hindi ko siya tutulungan, baka nga matulad lang siya d’un sa mga taong tinutukoy n’yo.”

He doubted that. Cerina’s a fighter. Hindi ito magpapatalo sa mga pagsubok.

“Ako ang naunang lumapit sa kanya, Mommy. Ako ang nag-offer ng friendship. At sa ilang araw na nakasama ko siya, wala siyang hiningi sa akin. She’s the most honest, sincere and strongest person I’ve ever known. She’s not a bad influence. In fact, marami siyang naiturong magagandang bagay sa akin.”

“Like what?”

“Like taking pride in who you are and in what you do, as long as you’re not hurting someone else.”

Muling naupo ang ginang sa swivel chair.

“Ang ibig bang sabihin nito’y hindi mo siya lalayuan kahit iyon ang iutos ko?”

“Mommy, please... just this once, trust me.”

Hinilot ng ginang ang sentido at nagpakawala ng malalim na hininga.

“Okay. Pero tandaan mo, Rex. Oras na may mangyaring masama sa iyo dahil sa batang ‘yun, paglalayuon ko kayo. Maliwanag ba?”

“Yes, Mommy.”

Lumapit siya’t yumakap sa ina.